

PAGHAHANDA PARA SA PAGPASOK SA PAARALAN

Ang pagsisimula ng klase ay isang malaking hamon sa mga bata at pamilya. Ang pagiging pamilyar sa mga bagong kakilala, lugar at routine ay maaaring maging kapana-panabik – at mapanghamon. Marami kang magagawa para matulungan ang inyong anak na magkaroon ng magandang simula sa pagpasok sa paaralan.

Ano ang magandang simula sa paaralan?

Ang mga pamilya at tagapag-alaga ang mga unang guro ng kanilang mga anak. Nakakatulong ang mga bagay na ginagawa mo sa inyong bahay nang kasama ang inyong anak sa kaniyang pagkatuto at pag-unlad, at naihandanda sila para sa paaralan. Ang pinakamagandang paraan para suportahan ang pagkatuto at pag-unlad ng inyong anak ay sa pamamagitan ng **paglalaro**.

Nakakatulong ang isang magandang simula sa paaralan para matuto ang mga bata nang mas mabuti at mas maging maganda ang pakiramdam. At kapag masaya ang mga bata sa paaralan, gusto nilang patuloy na matuto pa. Magsisikap ang paaralan ng inyong anak na matugunan ang mga indibidwal na pangangailangan ng inyong anak, na may karagdagang suporta kung kinakailangan. Puwede mo ring suportahan ang inyong anak sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na nakakatulong sa kanilang makaangkop sa paaralan at makaramdam ng kaligtasan, kumpiyansa sa sarili, at pagiging nauugnay.

Maglaro at matuto sa bahay

Ang paglalaro ang pinakamagandang paraan prara tulungang matuto ang inyong anak. Nakakatulong ang paglalaro para makabuo ng mga panghabambuhay na kasanayan sa math, gaya ng pagbibilang, pag-uuri, pagpapangkat, at pagtukoy sa laki. Nakakatulong ang pakikipaglaro na matuklasan ng inyong anak ang kalikasan at agham at nagbibigay-daan sa kanilang maging malikhain. Kapag naglalaro ang inyong anak, natututo rin siya ng mga emosyon at nakapagbubuo ng kaniyang mga kasanayan sa wika, pagbasa, pagsulat, at pagbilang. Narito ang ilang bagay na puwede mong gawin sa bahay:

- **Mga pang-araw-araw na aktibidad:** Natututo ang mga bata sa mga pang-araw-araw na aktibidad gaya ng pagluluto, pagtulong sa pag-aayos at pagliligpit ng mesa, pag-uuri ng mga hugasin, pagsusuot ng damit at pagtatago ng mga laruan, at pangangalaga ng mga halaman at alagang hayop. Matutulungan mo ang inyong anak na matuto sa pamamagitan ng pagtatanong, gaya ng *'Ilang tasa ng harina ang kailangan natin?'* o *'Mahahanap mo ba ang magkakatugmang medyas?'*
- **Mga Laro:** Nakakatulong ang paglalaro ng mga simpleng laro gaya ng UNO, Snap, Memory, I Spy, at Taguan para matuto ang inyong anak at turuan siya tungkol sa paghihintay ng kaniyang pagkakataong tumira.
- **Pagbubuo ng mga block:** Nakakatulong ang pagbubuo ng mga block gaya ng LEGO, mga kahoy na block, o mga kahong karton para mabuo ang kaniyang mga fine motor skill at nagbibigay-daan sa inyong anak na maging malikhain at lumutas ng mga problema.

- **Sining at mga likhang-kamay:** Itinataguyod din ng mga aktibidad sa sining at likhang-kamauy ang pagiging malikhain at binubuo ang mga fine motor skill at mga kasanayan sa paglutas ng problema.
- **Paglalaro ng dress up:** Naitataguyod ng pagsusuot ng mga lumang damit at pagpapanggap ng iba't ibang tauhan ang pagiging malikhain at mga kasanayan sa wika.
- **Musika, mga kuwento, at sayaw:** Naitagaguyod ng pagbabasa, pagkukuwento, pakikinig, at pagsayaw sa saliw ng musika, at 'mga treasure hunt' para maghanap ng mga bagay sa paligid ng bahay o hardin ang mga kasanayan sa wika ng iyong anak.
- **Paglalaro sa labas ng bahay:** Paglalakad, pag-akyat, pagbibisikleta o pagsakay sa scooter, pagpunta sa palaruan, pagbuo ng mga cubbie, pagbato at pagsalo ng bola, pagpalo ng mga soft ball gamit ang raketa ng tennis, o soft cricket bat, paghuhukay sa lupa at putik—lahat ito y nakakatulong sa iyong anak na matuto at umunlad.
- **Pagsisiyasat at pagtatanong:** Kapag naglalaro ang anak mo, magtanong gaya ng *'Puwede mo bang ilarawan...?'*, *'Ano kaya ang mangyayari kung...?'*, *'Paano mo masasagot ang tanong na iyon...?'*
- **Mga Karaniwang Gawain:** Nagbibigay-daan sa iyong anak na malaman kung ano ang dapat asahan kapag gumagawa siya ng mga bagay sa parehong oras kada araw at tinutulungan siyang pangasiwaan ang kaniyang mga emosyon. Nakakatulong ang mga karaniwang gawain na makaangkop sa paaralan. Lalong mahalaga na magkaroon ng karaniwang gawain sa gabi, halimbawa, kumain ng hapunan at maglinis ng katawan, magsuot ng pyjama, magsepilyo ng ngipin, magbasa ng mga libro, at matulog na pagkatapos.

Gawing isang pamilyar na lugar ang paaralan

Ang pagiging 'handa para sa paaralan' ay hindi lang tungkol sa pagkatuto sa mga aralin, kundi tungkol din sa pag-unawa kung ano ang magiging karanasan sa paaralan at ano ang magagandang aasahan dito. Narito ang ilang bagay na puwede mong gawin sa bahay para tulungan ang iyong anak:

- Makilahok sa anumang programa ng paaralan para sa paglipat na iniaalok ng kindergarten o paaralan ng iyong anak.
- Magsanay na magbiyahe papunta at pauwi mula sa paaralan.
- Hayaang makipaglaro ang iyong anak sa iba pang bata na papasok rin sa paaralang iyon.
- Hikayatin na masanay na mag-isa sa pamamagitan ng pagtuturo sa iyong anak kung paano magsuot ng damit, pumunta sa banyo, maghugas ng kaniyang mga kamay, maglagay ng sunscreen, at mag-ayos at magdala ng kaniyang bag para sa paaralan.
- Kausapin siya tungkol sa pagpasok sa paaralan. Hayaang ma-excite ang iyong anak sa pagpasok sa paaralan at kausapin siya tungkol sa kaniyang anumang alalahanin.
- Magbasa ng mga libro o magkuwento tungkol sa pagpasok sa paaralan.
- Kausapin siya at magsanay tungkol sa mga mangyayari pagkauwi mula sa paaralan.
- Maghanda para sa pagsundo at paghahatid sa pamamagitan ng pag-alam sa oras ng pagsisimula at pagtatapos ng klase sa paaralan at alamin kung saan ihahatid o susunduin ang iyong anak.
- Simulang gamitin ang pangalan ng guro, kung maaari.

Paano makakatulong ang kindergarten ng iyong anak

Nakakatulong din ang kindergarten para maging handa ang mga bata sa pagpasok sa paaralan. Sa kindergarten, nakakabuo ang mga bata ng mga kasanayan sa pamamagitan ng pagalaro, pakikipagtulungan sa ibang bata, at pagkakaroon ng mga kaibigan.

Tutulong ang guro ng iyong anak sa kindergarten na makalipat ang iyong anak mula sa kindergarten papunta sa paaralan sa pamamagitan ng pagsulat ng isang **Pahayag sa Paglipat ng Pag-aaral at Pagpapaunlad (Pahayag sa Paglipat)**. Ibinibigay ang Pahayag sa Paglipat sa magiging paaralan ng iyong anak. Inilalarawan nito ang mga kakayahan, kalakasan, at interes ng iyong anak at kung paano siya pinakamainam na matututo. Hihilingin sa iyo na tumulong sa pagpunan ng Pahayag sa Paglipat ng iyong anak, at puwede ring magbahagi ang iyong anak ng kaniyang mga saloobin at nararamdaman.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pahayag sa Paglipat, bumisita sa website ng Departamento (tingnan sa ibaba).

Matuto pa

- [Mga tip para sa pagpasok sa paaralan \(education.vic.gov.au\)](https://www.education.vic.gov.au)
- [Paglipat mula kindergarten papunta sa paaralan \(education.vic.gov.au\)](https://www.education.vic.gov.au)
- [Paano pumili ng at mag-enroll sa isang paaralan \(education.vic.gov.au\)](https://www.education.vic.gov.au)
- [Pagpasok sa Paaralan: paghahanda sa iyong anak | Raising Children Network](#)
- [Isang Malusog na Pagpasok sa Paaralan - Better Health Channel](#)
- [Paglipat sa mga mapagkukunan ng paaralan para sa mga pamilya \(education.vic.gov.au\)](https://www.education.vic.gov.au)